Tunay na si Allāh ay nagkasi sa akin na magpakumbaba kayo nang sa gayon walang magmayabang na isa man sa isa at walang lumabag na isa man laban sa isa."}

Ayon kay `Iyāḍ bin Ḥimār na kapatid ng Angkan ng Mujāshi` (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tumayo sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) isang araw bilang isang mananalumpati saka nagsabi siya: (Binanggit ang ḥadīth at nasaad dito): "Tunay na si Allāh ay nagkasi sa akin na magpakumbaba kayo nang sa gayon walang magmayabang na isa man sa isa at walang lumabag na isa man laban sa isa."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Tumayo ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Kasamahan niya bilang isang mananalumpati at naging kabilang sa sinabi niya: Tunay na si Allāh ay nagkasi sa kanya na kinakailangan sa mga tao na magpakumbaba sila sa gitna nila. Iyon ay sa pamamagitan ng pagbaba ng loob sa nilikha at kalumayan ng sarili nang sa gayon walang magmayabang na isa man higit sa isa sa pamamagitan ng pag-aangkin ng kadakilaan, pagkamalaki, at kamaharlikaan dahil sa kaangkanan niya o yaman niya o iba pa roon at walang lalabag sa katarungan at walang mag-aagrabiyado na isa man laban sa isa.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5497